REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 92-247

**KAPASIYAHAN NA INAATASAN ANG TANGGAPAN NG INGAT-YAMAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA HUWAG MUNANG BAYARAN ANG SINUMANG KONTRATISTA NG POSO HANGGA'T HINDI ITO NAGAGAMIT NG MAAYOS AT KAILANGANG MAGBIGAY NG GARANTIYA NG ANIM (6) NA BUWAN ANG GINAWANG POSO AT ANG GAGAMITING TUBO AY KINAKAILANGANG SCHEDULE 40.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, maraming mga ipinakontratang poso artesyano na matapos magawa ay hindi naman magamit ang tubig na lumalabas sanhi ng kalabuan at karumihan;

SAPAGKAT, pagkaraan lamang ng ilang linggo o buwan, ang posong ginawa ay naglalabas ng buhangin at kung minsa'y putik;

SAPAGKAT, sa maiksing panahon, ang posong ginawa ay natutuyuan kaagad ng tubig;

SAPAGKAT, malaking kawalan sa kabang-yaman ng Pamahalaang Bayan ang mga ganitong gawain na hindi man lamang nakapagbibigay ng kasiyahan sa mga nangangailangan at madalas ay napupulaan ang mga nanunungkulan sa pamahalaang bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na inaatasan ang Tanggapan ng Ingat-Yaman ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na huwag munang bayaran ang sinumang kontratista ng poso hangga't hindi ito nagagamit ng maayos at kailangang magbigay ng garantiya na anim (6) na buwan ang ginawang poso at ang gagamiting tubo ay kinakailangang schedule 40.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 186th regular na pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Enero 1992 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts